# Ang Aking Pagpasok, Aking Pinili, Aking Pagpili

Kung **napasok** sa mga pampublikong ospital sa NSW, ang mga taong may kartang Medicare ay maaaring **makapiling** (choice) magamot bilang isang pampubliko o pribadong pasyente. Ito ang tinatawag na inyong **pagpipiling** pampinansyal (election). Ang pagpipiling pampinansyal ay maaaring gawin bago, sa mismong oras o kung kailan ito maaaring magawa kapag kayo ay nakapasok na.

## Ang Inyong Pinili Sa Mga Maaaring Mapagpipilian (election choices):

### Pribadong Pasyente – Gamitin ang inyong paseguro sa kalusugan

### Bilang isang pribadong pasyente, matatanggap mo ang mga sumusunod na benepisyo:

**Pagkaalaga ng Espesyalista**

Maaari kayong gamutin ng isang Espesyalistang pinili ninyo o inirekomendang Espesyalista para mayroon kayong benepisyo sa pagkakaroon ng isang propesyonal na nakatutok sa pagkaka-alaga ninyo. Ang inyong espesyalista ang mangangasiwa sa inyong pagkakagamot at anumang karagdagang pagkakaasikaso.

**Paglipat sa Pampribadong Ospital**

Maaari rin kayong karapat-dapat na makalipat sa isang pampribadong ospital para sa karagdagang pagkakagamot o pagkakaasikaso. Mangyari pong pag-usapan sa inyong Espesyalistang manggagamot ang mga pagpipilian ng paglipat.

**Paggamit sa pang-isahang silid**

Kayo ay maaaring makagamit sa pang-isahang silid sa ating ospital na walang dagdag na bayad, kung mayroong bakante. Ang mga pasyenteng may malalang kalagayan ang may prayoridad sa pang-isahang silid.

**Ang 'Excesses' sa Pasegurong Kalusugan**

Ang 'excess' (karagdagan bayad) o 'co-payment' ay ang halaga ng inyong babayaran para sa mga gastos sa pagka-ospital. Ang inyong karagdagang halaga ay depende sa uri ng inyong polisiya sa Paseguro sa Kalusugan (Health Fund). Kadalasan, ang mga pampublikong ospital sa NSW ang sumasagot sa 'excess' o 'co-payment' upang hindi kayo mahirapan sa pera dahil sa pagka-ospital.

Ang inyong paseguro sa kalusugan ay maaari kayong tawagan upang kausapin tungkol sa inyong 'excess' o 'co-payment' ngunit pagbabayaran lamang kayo kung mapasabihan kayo ng isang kawani ng ospital.

### Bilang isang pampribadong pasyente kayo ay mabibigyan ng May-alam na Pagsang-ayon sa Pinansyal (Informed Financial Consent) bilang kasama sa proseso ng inyong pagpili.

**Ang May-alam na Pagsang-ayon sa Pinansyal**

Ang mga pampublikong ospital ay kailangang magbigay ng isang malinaw na pagpapaliwanag sa mga sinasagot na pinansyal sa pagpipili na maging isang pribadong pasyente. Kasama rito ang pasabi sa mga gastos na wala sa badget ng lahat ng mga tagapagbigay ng serbisyo, bago matanggap sa ospital o sa pinakamadaling pagkakataon.

Pinapayuhan namin kayo na tiyakin sa paseguro sa kalusugan (health fund) na kasali sa polisiya ang inyong pagkakapasok sa ospital. Ang ospital ay magtatasa na kayo ay miyembro ng paseguro upang matiyak na kayo ay may tamang polisiya sa pagkakapasok sa ospital.

### Mga Kuwentahan sa Ospital

Kayo ay hindi magbabayad sa mga sumusunod na kuwentahan sa pagka-ospital:

**Ang Inyong Paninirahan At Mga Pagkakagamot /Kagamitang Mailalagay Sa Katawan Ninyo (Prosthesis)**

Kabilang ang mga babayaran sa higaan, pagkain, pagkaka-alaga ng kalusugan. Ang mga resibo ay isusumite sa inyong pampribadong paseguro sa kalusugan.

**Mga pagsusuri** (Pathology at Radiology) at **mga Kawaning Espesyalista** na hinirang ng ospital.

Lahat ng mga kuwentahan ay isusumite sa Medicare at sa inyong pampribadong paseguro sa kalusugan. Wala kayong babayaran na personal.

## Mga Kuwentahan sa Labas

**Mga Private Practice Specialists** (Pampribadong Espesyalista) katulad ng mga 'Visiting Medical Officers,' 'Honorary Medical Officers' at 'Clinical Academics' ay mga tagabigay serbisyo mula sa labas ng ospital. Ang kanilang mga sisingiling bayad ay maaaring ipapadala sa inyo o isusumite sa Medicare at sa inyong pampribadong tagapaseguro sa kalusugan depende sa usapan ninyo ng inyong doktor.

Ang kawaning may pananagutan sa inyong pagpasok sa ospital ang magsabi sa inyo kung ang nanggagamot ay sisingil ng mga ginastos. Ang gobyerno ay may isang talaan ng mga babayaran (Medicare Benefits Schedule (MBS)) ng karamihan sa mga serbisyo ng inyong doktor. Kung ang inyong Pampribadong Espesyalista ay sisingilin kayo ng higit sa MBS, ito ay magkakaroon ng isang 'gap'. Kayo ay kailangang magpapayo sa inyong espesyalista tungkol sa mga gastos sa pagpapapagamot. Kayo din ang may pananagutan sa pagbabayad ng anumang 'gap' ng inyong Pampribadong Espesyalista.

**Kung kayo ay nakatanggap ng di–inaasahang babayaran, mangyari pong sabihin sa ospital na ang detalye ng matatawagan ay nasa ibaba nitong dokumento.**

## Nagbabayad ng Sariling Pampribadong Pasyente

Kung kayo ay di-karapat-dapat sa isang pampribadong paseguro sa kalusugan at gustong makapagpili ng doktor o magkaroon ng pang-isahang silid, maaari kayong pumili bilang isang nagbabayad na pampribadong pasyente. Ang mga pasyenteng mas malubha ang kalagayan ang may prayoridad nito.

Bilang isang nagbabayad na pribadong pasyente, kayo ay may pananagutan sa pagbabayad ng mga sumusunod:

- Paninirahan (may kasama o pang-isahang silid)
- Mga pagsusuri (Medical Imaging at Pathology)
- Mga gamit na inilagay sa katawan (Prostheses)
- Mga bayad sa doktor

Para sa dagdag na impormasyon, mangyari pong tawagan ang ospital tungkol sa kanilang detalye ng matatawagan sa ibaba nitong dokumento.

## Pampublikong Pasyente

Kung pipiliin ninyong matanggap bilang isang pampublikong pasyente, hindi kayo makakapagpili ng espesyalista - ang ospital ang magbibigay ng nararapat na doktor upang pangasiwaan ang inyong pagkakagamot.

Hindi kayo pagbabayarin sa paninirahan ninyo sa ospital, sa mga serbisyong pangmedikal at mga pagsusuri, mga kagamitang ilalagay sa katawan at iba pang may kaugnayang mga serbisyo.

Kapag napauwi na kayo mula sa ospital, ang inyong patuloy na pagkaka-alaga ay kadalasang pinangangasiwaan ng 'outpatient clinic.'

## Mga mababayarang pagkapinsala (pagkasugat sa lugar-trabaho/ aksidente ng sasakyan, gastusing sinasagot ng publiko)

Kung ang inyong pagka-ospital ay may kaugnayan sa mga sumusunod:

- **Aksidente/pinsalang may kaugnayan sa trabaho:** kayo ay kasali sa Workers Compensation System (Sistema ng Pagbabayad sa mga Trabahador).
- **Mga aksidente sa sasakyan:** kayo ay kasali sa Motor Accidents Scheme (Pamaraan sa mga Aksidente sa Sasakyan) (CTP). Kayo ay kailangang magsumite ng paghahabol sang-ayon sa State Insurance Regulatory Authority (Autoridad na Nangangasiwa sa mga Paseguro sa Estado) (SIRA).
- **Gastusing Pananagutan ng Publiko:** Kung kayo ay nasugatan dahil sa kapabayaan ng iba, kayo ay may karapatang mabayaran. Mangyari pong sabihin sa kawani ng ospital.

Ang aming kawani ng ospital ay tutulungan kayo sa proseso ng paghahabol. Kung hindi kayo nagwagi sa paghabol, kailangang pumili kayo ng iba.

Kung kayo ay isang bisita mula sa ibayong-dagat, sasagutin ninyo ang lahat na gastos kung natalo kayo sa paghahabol ng kabayaran.

## Mga may hawak ng mga karta ng Department of Veterans Affairs (Kagawaran ng mga Ugnayan ng mga Beterano) (DVA)

Tatawagan ng kawani ng ospital ang DVA upang matiyak kung kayo ay karapat-dapat.

**Gold Card (Gintong Karta)** - kayo ay maaaring tratuhin bilang isang pampribadong pasyente at ilalagay sa isang 'ward' sa lahat ng mga kondisyon.

**White Card (Puting Karta)** - kayo ay maaaring tratuhin bilang isang pampribadong pasyente at ilalagay sa isang 'ward' para sa lahat ng mga kondisyon ng DVA.

**Pagkakapasok ngunit hindi karapat-dapat sa DVA** - kayo ay kailangang gumawa ng pagpipili para tratuhin bilang pampubliko o pampribadong pasyente.

## Ang mga Australian Defence Force Personnel (Mga Tauhan ng Tanggulang Puwersa ng Australya) (ADF)

Kung kayo ay isang kasalukuyang miyembro ng ADF, kayo ay tatratuhin bilang isang sisingiling pasyente sa pinaghahatiang silid.

Tiyakin po na ibigay ang inyong numero ng Defence Force Service (mga susi ng PM).

Para sa mga nakaplanong pagkakatanggap sa ospital, ibigay po ang inyong Defence Approval Number (Numero ng Pagkaaprobado) (DAN) sa ospital bago pumasok sa ospital. Makukuha ito sa pagtawag sa **1800 IM SICK** (1800 46 7425).

## Patuloy na Pagkaka-alaga/Mga Pasyenteng Pang-'Nursing Home' (mga pangmatagalang inaalagaan)

Kung kayo ay isang DVA, pampublikong o pampribadong pasyente at hindi na kinakailangang manatili sa ospital at mahigit sa 35 araw nang nakatira sa ospital at walang patlang na pitong araw, kayo ay magiging isang pasyente na tipong pang-'Maintenance/Nursing Home'. Kayo ay pagbabayarin na nang arawan.

Susulatan kayo ng ospital 7 araw bago magsimula ang singilan. Kung kayo ay tumatanggap ng Pensyon o Gastusin mula Centrelink, kayo ay maaaring karapat-dapat din para sa tulong sa pagrenta. Para sa dagdag na impormasyon, tumawag sa 136 240 o bumisita sa servicesaustralia.gov.au

## Mga Bisita Mula Sa Ibayong-Dagat

Kung kayo ay isang bisita mula sa ibang bansa, anumang pang-emerhensyang pagkakagamot ay maibibigay.

**Kayo ay magbayad sa lahat ng mga gastos sa paninirahan ninyo sa ospital, kabilang at di-limitado sa:**

- Paninirahan
- Mga babayaran sa doktor
- Mga inilagay sa katawan (prostheses)
- Botika
- Pagpapasuri kabilang na ang "radiology" at "pathology".

**Mga impormasyon na kailangan ninyong ibigay bago makapasok sa ospital:**

- garantiya ng pagbayad mula sa tagapaseguro o kaagad na pagbabayad
- ang detalye ng inyong pasaporte & visa
- `ang inyong address sa inyong bansa
- `ang inyong pansamantalang address sa Australya
- `ang inyong email address

Maaari kayong maghabol para sa lahat o ilan sa mga gastos sa pagpapagamot mula sa inyong tagapaseguro sa biyahe o kalusugan. Anumang hindi babayaran ng inyong paseguro ay dapat na bayaran.

May mga gantihang kasunduan (reciprocal agreements) tungkol sa pagkaka-alaga sa kalusugan sa pagitan ng Australya at ilang mga bansa. Kausapin ang aming kawani ng ospital tungkol dito.

## Ang Mga Mapagpipilian:

Lahat ng mga pasyente o awtorisadong kinatawan ay kinakailangang gumawa ng isang pagpipiling pinansyal at pumirma sa isang porma ng pagpahayag sa pagpili.

Bago kayo pipili, tiyakin na kayo, o ang inyong kinatawan ay maliwanagan kung ano ang mga puwedeng mapagpipilian. Maaari kayong tulungan ng aming kawani sa mga katanungan ninyo at makatawag ng interpreter kung kailangan.

## Ano ang mangyari kung ang isang pasyente ay hindi Makakapagpili?

Kung kayo ay di-kayang gumawa ng isang masusing pagpipili (informed election), maaaring ang isang awtorisado ng batas na kinatawan ninyo ang gumawa nito o ililiban muna hanggang makakaya na ninyong gagawin ang proseso ng pagpipili (election).

Ang isang awtorisadong kinatawan ay sinumang tao na:

- `hinirang bilang tagapagtanggol (guardian) ninyo
- `isang magulang, sa mga pasyenteng mas bata sa 18 taong gulang
- `may kapangyarihan ng abogado *(sang-ayon sa batas Power of Attorney Act 1998)*

Kung nagawa na ninyo ang pagpipili, ito ay gagamitin mula sa simula ng inyong pagkaka-ospital.

## Pagbabago ng Pagpipili dahil sa mga di-inaasahang pangyayari

Kapag nakapagpili na kayo, ito ay maaari lamang na magbago kung may mga di-inaaasahang pangyayari, katulad ng:

- `kayo ay tinanggap para sa isang natatanging pagkakagamot at nagkaroon ng mga komplikasyon na nangangailangan ng dagdag na pagkakagamot
- `ang inyong pagninirahan sa ospital ay mas matagal kaysa unang plano ng mga kawani ng klinikang gumagamot sa iyo
- `ang inyong buhay ay nagbago habang kayo ay nasa ospital, halimbawa, nawalan ng trabaho

Kung ang isang pagpili ay nabago, ito ay magkakabisa mula sa araw ng pagbabago. Para pag-usapan ang pagbabago sa pinili, mangyari pong tawagan ang may detalye sa ibaba.

## Ang Inyong Pagkapribado

Sang-ayon sa NSW Health Privacy Policy (Polisya ng Pagkapribado sa Kalusugan sa NSW), ang serbisyong pangkalusugan ay maaaring ibunyag ang pangkalusugang impormasyon na patungkol sa inyong paghahabol, at ang nasa porma ng pagpipili, sa inyong tagapaseguro, kinatawan at iba pang kaugnay na grupo.

**Mangyari pong magtanong sa aming Eskribyente sa PLO/PPO, Departamento ng Tanggapan o Emerhensya kung may mga katanungan kayo.**

### Telepono

© NSW Ministry of Health 2020 SHPN (F) 200131